IMMACULADA

Parokya ng Immaculada Concepcion
Pto Rivas, Balanga City
Tel. No. 237-0207

Vol. 2, Isyu I
January 2007

Ang Pagbabalik: Bronze Risen Christ

Minsang naging bahagi ng ating simbahan, ngayon ay muling bahagi nito. Bagamat hindi na sa altar nakalagay kundi sa harap ng simbahan sa taas, ito ay yamang maituturing sapagkat matagal din namang panahong ito ay sentro ng pagsamba at pananalangin sa loob ng simbahan.

Ilang taon ang nagdaan, ang imaheng ito ay aking hiningi upang ilagay sa harap ng Bahay Puso upang sa tuwing mananalangin ang mga matatanda ay nakaharap sa imaheng ito. Muli ko itong inawitan upang maging buhay na saksi ng pag-unlad ng pananampalataya ng ating mga mananampalataya. Magsilbi nawa itong sagisag n gating pagsisikap sa buhay upang makamtan ang kaunlaran sa lahat ng aspeto ng buhay *

Banal na Pagsasanay

Ang Kaparian ng Bataan ay magkakaroon ng taunang Banal na pagsasanay na gaganapin sa Antipolo, Rizal. Mula Pebrero l2 hanggang l6, 2007, ang lahat ng pari ng Diyosesis ay mawawala pansamantala upang sama-samang manalangin at magnilay.

Sa buong Diyosesis ay hindi mawawalan ng pang araw-araw na Misa. Sa ating Parokya, si Fr. Bobby Titco ang magdiriwang ng Misa mula Martes hanggang Biyernes. Inaasahan na ating tatanggapin ng bukas sa ating kalooban ang bisitang pari. *

PANAWAGAN AT PAANYAYA

Ang imahen ng Mahal na Hesus Nazareno ng Quiapo ay dadalaw sa lalawigan ng Bataan sa darating na ikadalampu at apat ng Pebrero upang maging mabiyayang pagkakataon para sa atin na mag balik loob sa Diyos at sariwain ang diwa ng pagpapakasakit ayon sa katuruan ng Unang Sinodo ng Balanga.

Sasalubungin natin ang imahen ng Nazareno sa ikadalawampu at dalawa ng Pebrero sa ganap na ikatlo ng hapon, Oras ng Mabathalang Awa (Divine Mercy Hour), sa Parokya ng Banal na Mag-anak sa Balsik, Hermosa. Sa pamamagitan ng motorcade, ihahatid ang imahen sa Katedral ng San Jose upang manatili hanggang kinabukasan ng tanghali.

Dadalhin ang Hesus Nazareno sa Parokya ng San Francisco de Assissi sa Limay upang manatili doon hanggang tanghali ng ikadalawampu at apat ng Pebrero.

Habang kapiling natin ang imahen sa dalawang simbahang nabanggit, ang taumbayan ay inaanyayahang magbigay galang sa imahen, dumalo sa Misa at tumanggap ng Banal na Komunyon, magkumpisal at mag alay ng pagpapakasakit para sa paghihilom n gating bayan.

Apat na raang taon na ang imahen ng Hesus Nazareno. Mabiyayang araw para sa Bataan ang pagdalaw na ito. Ito nawa ay maging landas upang lalo pa nating mapahalagahan ang misyon ng Simbahan na paghilumin an gating bayan at manariwa ang diwa ng pagpapakasakit.

Nanawagan ako sa inyong lahat na dumalo at makibahagi sa pagpupugay sa Hesus Nazareno ng Quiapo.

Mabuhay ang Bataan, peninsula ng mga bayani at banal.

SOCRATES B. VILLEGAS
Obispo ng Balanga

Sampung Utos

Ang Knights of Columbus ay nagsagawa ng proyekto na magpapa-alala sa bawat isa ng I0 Utos ng Diyos. Ito ay madaling Makita at mabasa ng lahat ng nagdaraan upang sa tuwina tayo ay maging mulat sa ating mga dapat isagawa at hindi dapat isagawa bilang mga kristiyano.

Nakalagay ito sa magkabilang panig ng pasukan ng simbahan. Sa pangunguna ni Grand Knight Dado de Guia, ang samahan ay patuloy na naglulunsad ng mga proyektong nagsisilbing sagisag ng ating pananampalataya.

Harinawa, sa tuwing tayo ay mapaparaan sa tapat ng ating Simbahan, ang Sampung Utos ay ating basahin at maging bahagi ng ating pang-araw-araw na pamumuhay. Ito nawa ay itanim natin sa ating puso at isipan, nang sa gayon maging tuntunin n gating pakikipag ugnayan sa ating kapwa.

Huwag nating sayangin at gawing disenyo lamang ng harap ng ating simbahan ang 2 tableta ng batong ito. *

ANG BUHAY PANALANGIN
Mga Atas na Gawain:

I. Bumuo at humubog ng "Pangkat ng Ka-manlalakbay sa landas ng Pagpapa-kabanal" na mamumuno sa mga Banal na Pagsasanay (Retreats and Recollections).

2. Itataguyod ng bawat Parokya ang tahimik at personal na pagsamba. Kung dahil sa usapin ng pangangalaga ng buong simbahan ay hindi ito mapapanatiling palaging bukas, may pananagutan ang bawat parokya na maglagay ng silid-dalanginan para sa layuning ito.

3. Ipakilala, itaguyod at palaganapin ang pagdarasal ng Kristiyanong Panalangin (Christian Prayer).

4. Bumuo ng Gabay at Panuntunan para sa pagsasagawa ng mga Pulong Panalangin ng iba't ibang mga Samahang Pang simbahan at mga kilusang Pang laiko.

5. Pagbutihin at bigyan ng panuntunan, ang mga kinagawiang debosyong tulad ng: Nobena sa Patron, Santa Krusan, Flores de Mayo, Pabasa, Daan ng Krus, Debosyon sa Mahal na Puso ni Hesus, Debosyon sa Mahal na Birheng Maria, Debosyon kay San Jose, Carolling, Panununluyan, Pagluklok Hari, Block Rosary, at iba pa.

6. Gawing taunan ang pakikipagtagpo sa Banal na Santatlo at pagsasariwa ng Tipan sa Kabayanihan at Kabanalan ng Bayan ng Diyos ditto sa Diyosesis ng Balanga ang Paglalakbay sa Bundok ng Samat tuwing Sabado bago Unang Linggo ng Adbiento. *

HIJAS DE MARIA

Pinangunahan ng mga Hijas de Maria ang pagdarasal ng Rosaryo bilang kinatawan ng ating Parokya sa pagdalaw ng imahen ng Mahal na Birhen ng Fatima. Bagamat napaka-aga tayo ay pumunta upang manalangin at magkaisa.*

Unborn Child

Ang estatwa ng unborn child ay isa pa sa mga proyekto ng K of C o ang Knights of Columbus upang ipananawagan ang pagpapahalaga sa buhay ng tao. Sa kaliwang panig ng ating simbahan matatagpuan ang "Unborn Child". Ito ay malaking palad ng ating kamay na kung saan naroon ang sanggol na hindi binigyang pagkakataong mabuhay. Napakalaking kasalanan ang ganitong gawain at kasalanang mortal. Wala tayong karapatang kumitil ng buhay na sa Diyos lamang nagmula. It ay paalala sa atin na ang buhay ng tao ay malaking biyaya mula sa Diyos. Halinang itaguyod ang buhay na biyaya ng Diyos.*

Antanda ng Krus

Kailangang ipagmalaki at ipaliwanag ang tradisyon ng mga Katoliko sa pag-aantanda ng Krus na patuloy na nilalait ng marami dahil na rin sa kanilang kakulangan at maling pang-unawa sa Bibliya, kasaysayan at espiritwal na tradisyon. Tayo ay nag-aantanda ng Krus sa noo, pinapalamutian ang mga simbahan ng Krus at nagdiriwang ng mga Sakramento sa pamamagitan nito.

Ang saligan sa Banal na Kasulatan: sa tuwing tayo ay mag aantanda ng Krus, ipinapahayag natin ang mensahe ng kaligtasan na inialay ni Hesus sa Krus. Malinaw na isinasaad ng Bibliya: "Ang mensahe tungkol sa pagkamatay ni Kristo sa krus ay kahangalan para sa mga taong napapahamak, ngunit ito'y kapangyarihan ng Diyos para sa ating mga naliligtas.(l Corinto l:l8)

Tinuturuan tayo ng Bibliya na ipagmalaki ang tanda ng krus bilang kapangyarihan ng Diyos, subalit hindi bilang kayabangan – Gal. 6:l4

Sinasagisag ng krus ang ating mga paghihirap na kung saan kung wala ito ay walang korona para sa mga kristiyano. Tinawag na satanas ni Hesus si Pedro ng pinahayag nitong ilayo sa krus. Ang mga unang kristiyano, bago paman mabuo ang Bibliya ay pinatili ang ganitong kilos upang malayo sa masama at sa kapangyarihan nito.

Si Cyril ng Jerusalem ay sumulat noong AD 386: "Hindi dapat ikahiya ang Krus ni Kristo, bagamat itinatago ito ng iba, pagtibayin ito sa noo upang ang masama ay lumayo. Gawin ang antanda ng krus bago at matapos kumain, sa pag-upo at pagtayo, sa pagsasalita, sa paglalakad at sa lahat at bawat gawain."

Ephrem ng Syria ay nagpapatunay noong AD 373: "Gawin ang lahat ng kilos sa pamamagitan ng antanda ng krus na nagbibigay buhay. Huwag aalis ng tahanan ng hindi nag-aantanda. Huwag ipagwalang bahala ang pag-antanda kahit sa pagkain at pag-inom, maging sa pagtulog, at sa paglalakbay paalis ng tahanan. Ito ay napakagandang gawain. Hayaang ang antanda ng krus ay magmistulang proteksyon sa masama at ituro ito sa mga anak nang sila man ay mahubog sa magandang gawaing ito."

Ilang libong banal ang nagsagawa nito bilang sagisag ng tagumpay sa anumang kasamaan at sa pamamagitan ng tanda ng krus pinagindapat ni Hesus ang kapatawaran ng ating kasalanan. Sa maraming yugto ng kasaysayan ng mga kristiyano Katoliko, ang Antanda ng Krus ay laganap na ginagamit sa pagpapalayas ng demonyo. Kaya kailangan nating patuloy na isagawa ito sapagkat kalakip nito ang kapangyarihang nagmumula sa Diyos.

Sinabi ni Hesus:"Kunin mo ang iyong krus at sumunod sa akin." Ang mahabang tradisyon ng simbahan ay nagpapakita na takot si satanas dito, kaya naman kinamumuhian ito. Ang INC, ADD atbp ay hindi rin sang-ayon sa Antanda ng Krus. Tanggalin ang lahat ng krus ay isa sa turo ng 'Pandoktrina', page l4. *

Mensahe:
Panibagong pagkakataon upang ating pag-ibayuhin ang pagsisikap sa buhay sa lahat ng aspeto nito. Patnubayan nawa tayo ng Panginoon.

Fr. Lides S. Pomer